

## Banghay Aralin

"Kung ang mundo ay 100 tao lamang,  
76 sa kanila ang mayroong elektrisidad."

## 100 People Under the Sun

### *Ano ang enerhiya?*

Ito ba ay gas na nagpapaandar sa mga kotse at eroplano? Ang kuryenteng lumalandas mula sa mga saksakan sa pader? Ito ba ay ang mga calories na nagmumula sa ating mga pagkain? Ito ba ang mismong pagkain?

### *Saan nagmumula ang enerhiya?*

Ito ba ay nakabaon sa ilalim ng lupa? Umaagos ba ito sa mga ilog? Nasa hangin? Nakukuha ba ito mula sa araw?

### *Paano natin ginagamit ang enerhiya?*

Paano ginagamit ng ating mga kapitbahay ang enerhiya? Paano ginagamit ng mga tao sa ibang bansa ang enerhiya? Magkakatulad ba ang enerhiyang ginagamit ng mga tao upang gumawa ng mga bagay-bagay? Ano ang magagawa natin kung walang enerhiya?

Pundamental ang mga katanungang ito sa mga usapang nagaganap sa lahat ng antas ng lipunan at sa lahat ng bahagi ng mundo sa kasalukuyan – mga usapang may kinalaman sa agham at teknolohiya, pulitika, ekonomiya, kapaligiran, komunidad, at mga isyung pampamilya. Bagama't kritikal ang mga katanungang ito sa bawat taong namumuhay sa mundo, ang mga karanasan at kasagutan ay magkakaiba para sa bawat isa.

## Ang Proyektong 100 People Under the Sun

Bilang bahagi ng proyektong *100 People: A World Portrait*, ang 100 People Foundation ay lumilikha ng balangkas hinggil sa mga paraan ng paggamit sa enerhiya ng mga tao at komunidad sa buong mundo. Ang pokus ng balangkas na ito ay nakasentro sa pinakamatanda at pinakabagong pinagmumulan ng enerhiya – **ang araw**.

### *Ano ang alam natin tungkol sa araw?*

Ano ang nagagawa ng solar energy? Paano nito naaapektuhan ang ating planeta? Ang ating mga buhay? Ano ang solar energy? Paano ito ginagamit? Sino ang gumagamit nito?

Ipinapakita ng pananaliksik sa mga kasagutan para sa mga katanungang ito na kahit nakikibahagi tayong lahat sa araw at sa enerhiyang nagmumula rito, ang ugnayan natin sa araw ay maaaring maging kasing walang-kaparis ng ating kinabibilangang komunidad – at ang mga gamit ng solar energy ay nakakagulat, nakakapukaw, at maraming uri: mula sa micro solar panel na nagpapaandar sa isang radyo sa Africa hanggang sa solar farm na siya namang nagbibigay elektrisidad sa isang buong bayan sa Espanya ... hanggang sa International Space Station, na pinapatakbo lamang ng solar energy.

## 100 People Under the Sun: Isang Global Energy Project



Inaanyayahan ng proyektong 100 People Under the Sun ang mga guro at mag-aaral na makibahagi sa isang banghay araling:

- nagpapaunlad sa pang-unawa at kamalayan tungkol sa enerhiya – partikular na ang solar energy
- akitin ang mga guro at mag-aaral na makibahagi sa isang eksplorasyon ng solar energy sa kanilang sariling komunidad
- magbigay ng oportunidad na makapag-ambag sa karanasan at perspektibo ng kanilang komunidad hinggil sa solar energy tungo sa pagbubuo ng pangmundong larawan

*Sino sa aking komunidad ang gumagamit ng solar energy?*

Sa pagtatapos ng aralin sa ilalim nito, ang mga mag-aaral ay hihilingang pormal na magmungkahi ng kandidatong mula sa kanilang komunidad na s'yang kakatawan sa mga posibilidad ng solar energy sa ating mundo. Ang nominasyon ay sasamahan ng mga mahahalagang gawain at tuklas mula sa araling banghay kasama na ang isang larawan, drawing/painting, o graphic representation ng nominado.

Matapos maipasa, ang nominasyon ay magiging bahagi ng proyektong 100 People Under the Sun. Itatampok sa pelikula, potograpiya, musika, at panulat, ang isang daang indibidwal na yumayakap sa mga hamon ng sustainable energy. Ang resultang larawan ng mundo ay hindi lamang makakabuo ng kamalayan tungkol sa maraming gamit ng solar energy, maiuugnay ang mga ito sa mga tao – ang kanilang mukha, mga buhay, at mga komunidad – na magbibigay ng kakaibang pagtingin sa kritikal na papel na ginagampanan ng araw (at maaari pa nitong gampanan) sa pagtupad sa mga pangangailang pang-enerhiya ng mundo.

## 100 People Under the Sun: Isang Global Energy Project



### Pinagsama-samang Lapit

Ang mga sumusunod na araling banghay ng 100 People Under the Sun ay kinabibilangan ng iba't ibang larangan ng pag-aaral. Ang mga mahahalagang itinuturo mula sa araling banghay ay kinapapalooban ng pagsama-sama at aplikasyon ng alin man o lahat ng mga sumusunod:

- Sining ng Wika
- Araling Panlipunan
- Agham
- Sining

Sa pamamagitan ng araling banghay, ang mga mag-aaral ay:

- tutukoy at tatalakay sa mga paraan ng paggamit sa enerhiya sa araw-araw
- mag-iimbestiga sa paggamit ng solar energy sa kanilang mga komunidad
- maghihirang ng kandadito mula sa kanilang komunidad na gumagawa ng mga mahahalaga at nakapagbibigay-inspirasyon na mga gawaing may kinalaman sa solar energy

Sa kanilang pagsunod sa araling banghay, matututunan at mapapraktis ng mga mag-aaral ang mga mahahalagang lapit sa pagnanaliksik ng impormasyon sa lokal at pangmundong antas. Hihikayatin sila ng Project Workbook upang unawain ang mga isyu tungkol sa pinagmumulan ng enerhiya, at upang suriin kung saan maiaakma ang kanilang komunidad sa kontekstong global ng paggamit ng solar energy. Sa pamamagitan ng diskusyon, imbestigasyon, pananaliksik, at komunikasyon, mapapaunlad ng mga mag-aaral ang kanilang mga kasanayan sa pamumunong makakatulong sa pagpapaangat ng kamalayan ng kanilang komunidad sa sariling paggamit ng enerhiya, at ang kanilang motibasyon sa pagsulong sa mga sustainable approaches.

### Dibuho ng Eskala

Ang mga guro mula sa iba't ibang larangan ng pag-aaral ay maaaring maging lider o mga lider ng proyekto. Maraming mga posibleng uri ng takdang-aralin: Maaaring magtrabaho ang buong klase bilang isang pangkat upang maghirang ng kandidato mula sa komunidad – o ang bawat isang mag-aaral ay maaaring maghirang ng sariling kandadito at ipasa ang kani-kanilang nominasyon.

Madaling iangkop ang araling banghay at ang eskala nito ay maaaring umakma sa anumang pagtatakda ng panahon o kurikulum. Maaaring matapos ng isang maliit na grupo ng mga mag-aaral ang buong proyekto sa loob lamang ng ilang araw, o maaaring isakatuparan ng isang buong eskwelahan ang proyekto ayon sa isang buong taong pang-akademiko.

## Pagsisimula

- Bisitahin ang 100 People website ([www.100people.org](http://www.100people.org)) at i-click ang “100 People Under the Sun” upang mapalawak pa ang kaalaman tungkol sa proyekto.
- Kung posible, makipag-ugnayan sa ibang eskwelahan o organisasyon upang higit pang mapataas ang kamalayan tungkol sa solar power at magkaroon ng momentum sa komunidad.
- Tukuyin ang mga lokal na ahensya, mga pribadong grupo, at mga institusyon ng mataas na pag-aaral kung saan maaari kang makakuha ng kaalaman hinggil sa mga pinagkukunan ng enerhiya at kung saan may mga ekspertong maaaring makapagpayaman pa sa mga gawain.
- Sagutan ang registration form at bumuo ng sariling team page (available bilang online form at madownload bilang PDF dito: [www.100people.org/getinvolved\\_participate.php](http://www.100people.org/getinvolved_participate.php))
- Basahin ang Project Workbook – at maghanda sa iyong pagsisimula!

## Project Workbook

Ang workbook na ito ay nagbibigay ng mga hakbanging sa pagsasagawa ng proyektong makakatulong sa mga guro at mag-aaral sa kanilang pag-iimbestiga sa mga ideya at impormasyon tungkol sa solar energy at sa pagsasagawa ng nominasyon para sa 100 People Under the Sun.

Ang mga sumusunod na Paksang Pangdiskusyon ay nagbibigay ng mga suhestyon sa mga lapit sa pagkatuto, kasama na ang mga aktibidad na magsisilbing gabay para sa buong gawain. May laya ang mga gurong pumili sa mga Paksang Pangdiskusyon o piliing di na gamitin ang mga ito. Magsisimula ang opisyal na partisipasyon sa panahon ng Nominasyon.

Mga Tunguhin sa Pagkatuto:

- Pang-unawa at kamalayan hinggil sa enerhiya (lokal at global)
- Pagpapaunlad ng mga kasanayan sa pananaliksik (lokal at global)
- Pagpapaunlad ng mga kasanayan sa pagiging pinuno

Nilalaman:

- Discussion Topics
- Mga Paksang Pangdiskusyon
- Mga Gawain
- Ang Nominasyon

- Ang mga Pamantayan sa Nominasyon
- Pagsasagawa ng Nominasyon
- Pagsusumite ng Nominasyon
- Mga Magagamit na Dokumento

## Talakayan#1 – Ano ang enerhiya?

Layunin nitong pag-isipin ang mga estudyante ng mga pundamental na ideya tungkol sa enerhiya at ang iba't ibang porma nito – mula photosynthesis hanggang calorie burning hanggang sa paggamit ng carbon fuel. Maaaring isama sa mga diskusyon ang iba't ibang larangan ng agham, mula sa Law of Conservation of Energy (kinetic at potential energy) hanggang sa Teoryang Big Bang. Maaari ring makasama sa diskusyon ang mga paunang paggalugad sa mga makabagong ideya tungkol sa fuel conservation, kapaligiran, at renewable at sustainable energy.

### Mga Gawain

1. Ipatukoy sa mga mag-aaral ang mga pinanggagalingan ng enerhiya sa loob ng isang 1-meter radius (sila mismo, sikat ng araw, pagkain); sa loob ng isang 10-meter radius (ilaw ng lampara, saksakan ng kuryente sa pader, potensyal na enerhiya mula sa mga bagay sa matataas na lugar, sikat ng araw); 1,000-meter radius (power station, pinagmumulan ng carbon sa ilalim ng lupa, hangin, tubig, sikat ng araw).
2. Ipabahagi sa mga mag-aaral ang kanilang pang-unawa sa mga problemang pang-enerhiya ng mundo at ang mga solusyon para sa mga ito. Maaaring ibahagi at talakayin ng mga mag-aaral ang kanilang kaalaman sa renewable at sustainable energy, hangin, tubig, at solar energy.

## 100 People Under the Sun: Isang Global Energy Project



### Talakayan#2 – Saan nagmumula ang enerhiya?

Layunin nito ang maunawaan ng mga mag-aaral kung anong mga likas na yaman ang ginagamit sa pagbibigay ng enerhiya sa kanilang mga tahanan, at upang masundan nila ang agos ng enerhiya mula sa lamparang nasa tabi ng kanilang higaan tungo sa pinagmumulan nito – langis, natural na gas, tubig, karbon, hangin, o ang araw. (Tingnan ang mga diagram – pahina at 10).

### Mga Gawain

1. Pasundan sa mga mag-aaral ang agos ng kuryente sa kanilang tahanan, simula sa lampara sa tabi ng kanilang higaan patungong power cord at pader. Sa gabay ng kanilang magulang, maaaring makita nila ang power box, at maaaring masundan nila ang mga kable ng kuryente sa kanilang gusali, patungong kalye, at maging sa mga lokal na substation o power plant.
2. Hilingin silang manaliksik sa kanilang local energy supplier upang malaman kung kumukuha ba ito ng enerhiya mula sa renewable o non-renewable resources, o kombinasyon ng dalawang ito. Maaari nilang maisagawa ito sa papamagitan ng pagkonsulta sa electric bill, pagtawag sa electric company o pananaliksik tungkol sa kumpanyang 'yon sa Internet.
3. Panghuli, pagawan sila ng mapa hinggil sa agos ng enerhiya mula sa lampara sa tabi ng kanilang higaan hanggang sa orihinal nitong pinagmumulan sa pamamagitan ng pagdodrawing o paggamit ng


## 100 People Under the Sun: Isang Global Energy Project

### Talakayan#3—Ano ang aking carbon footprint?

Layunin nitong maunawaan ng mga mag-aaral ang konsepto ng isang carbon footprint at imbestigahan kung paanong ang kanilang carbon footprint ay maihahanay sa loob ng pangmundong komunidad.

#### Mga Gawain

1. Makipagtalakayan sa mga mag-aaral hinggil sa konsepto ng isang carbon footprint – ang epekto ng mga ginagawa ng tao sa ating kapaligiran sa pamamagitan ng nalilikhang greenhouse gas, na susukatin ayon sa yunit ng carbon dioxide.
2. Ipakalkula sa kanila ang carbon footprint ng kanilang komunidad gamit ang online na sangguniang ito <http://green.yahoo.com/calculator> (Para sa higit na detalyadong global calculator gamitin ang: [http://apps.facebook.com/zfcalculator/?auth\\_token=7a5d4ed6459b1ac38e1f361e55ec845e&installed=1](http://apps.facebook.com/zfcalculator/?auth_token=7a5d4ed6459b1ac38e1f361e55ec845e&installed=1) Hinihikayat naming ang mga gurong humanap ng isang local calculator na masasalamain ang konsumo ng enerhiya ng komunidad na kinabibilangan ng kanilang mag-aaral.
3. Hilingin silang pag-aralan ang detalyadong mapang ito ng pandaigdigang pagbubuga ng karbon: <http://kelsocartography.com/blog/wp-content/uploads/2008/03/carbonatlas.pdf>. Anyayahan silang talakayin ang carbon footprint ng kanilang komunidad sa konteksto ng ng pangkalahatang ideyang ito.



## 100 People Under the Sun: Isang Global Energy Project

### Talakayan#4—Ano ang renewable energy?

Layunin nitong bigyan ng pagkakataon ang mga magaaral na unawain kung paanong ang mga pinanggagalingan ng renewable energy – lalo na ang solar energy – ay maaaring maging solusyon sa mga problemang nakikita nila sa sariling mga pamayanan.


#### Mga Gawain

1. Hikayatin ang mga magaaral na pagusapan ang renewable energy at ang solar energy.
2. Pagdalhin ang mga magaaral ng mga balita tungkol sa energy galing sa mga pahayagan, magasin at internet.
3. Gumawa ng isang discussion board. Gumamit ng bulletin board o gumawa ng isang online blog kung saan maaari nilang ilagay ang mga balita. Tanungin sa mga magaaral kung ano sa mga balita ang may pinapakitang problema, at alin sa mga ito ang may minumungkahing solusyon.
4. Dalhin ang mga magaaral sa mga lugar sa inyong pamayanan kung saan maaari nilang makita ang mga halimbawa ng renewable natural resources at ang mga paraan kung paano ginagamit ang mga ito. (kung paano ginagawa, kung paano kumukuha ng enerhiya, kung paano binebenta ang enerhiya).
5. Magimbita ng mga eksperto galing sa inyong pamayanan na kayang ipaliwanag kung paano nakukuha at nagagamit ang renewable energy, kasama na ang solar energy.
6. Magpakita ng mga audio-visual presentation, sa klase o sa pamamagitan ng internet, kung paano nagagamit, nakukuha at naaabuso ang mga bukal ng renewable energy.
7. Hikayatin ang mga magaaral na magmungkahi ng mga solusyon sa mga problemang may kinalaman sa enerhiya para sa kanilang sariling pamayanan (bayan, siyudad, bansa), kasama na ang mga solusyong may direktang pagbabagong maidudulot (presyo ng gas, presyo ng enerhiya, pagkakaroon ng enerhiya, tulong mula sa ibang bansa)


### Talakayan #5—Paano nakakakuha at nagagamit ang enerhiya mula sa araw?

Ang layunin ng talakayang ito ay bigyan ang mga magaaral ng pundamental na pagunawa sa teknolohiya sa likod ng solar energy, o enerhiyang nanggagaling sa araw. Maaaring komunsulta sa website na ito <http://apps1.eere.energy.gov/solar/cfm/faqs/> para makakuha ng impormasyon, o maaari ring tignan ang resource page sa website na ito.

# Energy Sources that can be converted into Electricity.



# Where does my Electricity come from?



## 100 People Under the Sun: Isang Global Energy Project

### The Nomination

Layon ng proyekto na hikayatin ang mga magaaral na kilalanin ang kanilang pamayanan at pumili ng isang tao na maituturing na “pioneer” o “innovator” sa larangan ng solar energy. Ang mapipiling ito ay gagawan nila ng nominasyon sa proyektong . Bilang gabay sa prosesong ito, maaaring tignan ng mga magaaral ang mga tala tungkol sa pagsasalaysay ng komunidad at ilang mungkahing tanong para sa interbyu na nasa mga sumusunod na pahina.

Ang takdang gawain ay gumawa ng pagsasalarawan ng isang indibidwal na nakapagbigay ng inspirasyon sa magaaral – isang indibidwal na mamamayan sa bansang kanilang tinitirhan. Ang pagsasalarawan ay dapat magkaroon ng kalakip na akda na naglalaman ng mga sumusunod tungkol sa indibidwal: edad, kasarian, at iba pang pagsasalarawan na may kinalaman sa kanyang karanasan (hal., kursong natapos, mga naging trabaho, etc.) kasama ng isang paliwanag kung bakit ang taong nabanggit ay nagbigay inspirasyon sa magaaral sa larangan ng solar energy.

Inaasahang ang gawaing ito ay magiging tulay magsimula ng isang dialogue tungkol sa mga adhikain at ang halaga ng solar energy, kung paano ito naaayon sa pagkakakilala natin sa kalikasan, kung ano ang ibig sabihin ng “green movement”, kung bakit mahalaga nating matutunan ang pagkuha ng enerhiya mula sa likas at ‘di nauubos na paraan, at kung paano ito kaakibat sa indibidwal na buhay ng mga magaaral at sa kanilang mga pamayanan. Ang nominasyon ay magiging bahagi ng isang makulay na paglalarawan ng mga tao sa iba’t-ibang bahagi ng mundo, gamit ang konteksto solar energy.

Ang mga paaralan ay hinihikayat na makipagugnayan sa iba pang mga lokal na paaralan at mga lokal na tanggapan at organisasyon na may kinalaman sa enerhiya para sa kanilang mga nominasyon. Ang layunin ng paguugnayang ito ay para palawigin ang pagsasama ng iba’t ibang panahaw sa pamayanan, at mabigyang tinig ang mga paaaralan, guro at mga magaaral sa pagpapakilala sa solar energy bilang isang solusyon sa pagkuha ng pang aral araw na enerhiya.

## 100 People Under the Sun: Isang Global Energy Project

### Criteria Para sa Nominasyon

Bukas ang nominasyon sa kung sino mang nakatira sa pamayanan na pinanggagalingan ng magaaral, at nagbigay inspirasyon sa kanila na kilalanin ang solar energy. Ang criteria ay naglalayong tukuyin ang mga indibidwal na may kinalaman sa pagpapalawig ng mga paraan na makakuha ng solar energy, sa paggamit ng enerhiyang ito, sa pagkuha ng suporta para sa adhikaing ito, at gayun din ang mga nagpapakilala ng mga inobasyon sa teknolohiya. Ang isang nominee ay maaaring alin man sa mga sumusunod:

- Nagbigay halimbawa sa paggamit ng solar energy, at nagpakita kung gaano kahalaga ito
- Naging tulay para magkaroon ng mga batas at regulasyong sumusuporta sa paggamit ng solar energy
- Isang bukod tanging indibidwal na maituturing na pioneer o mahalagang tao sa pagpapalawig at pagpapayaman ng teknolohiya kung paano nakakakuha ng enerhiya sa araw

The portrait gallery of 100 People Under the Sun will show nominations received from all participating schools. The final portrait will be of 100 people chosen from among these nominations.

### Pagaayos ng Nominasyon

Ang pagsasalarawang ibibigay ay dapat lakipan ng isang akda na naglalaman ng mga impormasyon tungkol sa paksa, gaya ng sumusunod: edad, kasarian, nationality, relihiyon, wika, at paliwanag sa mga katangian o nagawa ng indibidwal. Para magawa ito, makipagusap sa paksa ng pagsasalarawan sa pamamagitan ng interview. Maaaring gamitin ang written questionnaire na nakalakis sa mga dokumentong kasama ng workbook na ito. Maaaring piliin ng guro at ng grupo kung ang larawan at pagsasalarawan ay gagawin habang pinipili ang nais na nominee, o pagkatapos mapili ang nominee at gawin ang nararapat na pagsasalarawan.

Kung nais na magbigay ng nominasyon sa pamamagitan ng website, maaaring digital photography ang pinakamadaling gamitin.

## 100 People Under the Sun: Isang Global Energy Project

### Pagbibigay sa Nominasyon

Bago ibigay ang kanilang mga nominasyon, hinihikayat ang mga magaaral na tignan ang trabaho ng isa't-isa para pagusapan ang mga bagay na magpapaganda sa pagsasalarawan bago nila ibigay ang kanilang mga nominasyon



Kapag handa na kayo para ibigay ang nominasyon, siguraduhing kumpleto ang mga sumusunod:

- Pangalan ng (mga) magaaral
- Digital na file ng larawan, pormat na JPEG, 300 DPI (lahat ng ibang file na hindi digital ang format ay dapat ipadala sa address na nakalista sa baba)
- Pangalan ng paksa, edad, relihiyon at tirahan
- Paliwanag kung bakit pinili ang paksang ito
- Mga detalyet tungkol sa uri ng pamayanan kung saan galing
- Image Release Form

### Submit completed nominations

sa pamamagitan ng website:  
<http://www.100people.org>

sa pamamagitan ng sulat:  
100 People Foundation  
15 West 26th Street #914  
New York, NY 10010 USA



## 100 People Under the Sun: Community Profile

Suriin ang inyong pamayanan para makapaglista ng mga maaaring piliin para sa inyong nominasyon sa proyektong 100 People Under the Sun. Ilista nag sumusunod na detalye.

Community/Town/City/State/Country

Time Zone

Longitude/Latitude

Official Population Number

Anong mga industriya ang matatagpuan sa inyong pamayanan? Mayroon ba sa mga industriyang ito ang gumagamit ng solar energy? Mayroon bang gumagawa ng mga balak na gumamit nito?

Anong klaseng mga enerhiya ang ginagamit inyong mga paaralan? Nagkaroon na ba ng planong ginawa ang inyong paaralan para gumamit ng solar energy, o nagkaroon ba ng mga hakbang patungo dito nitong huling taon?

Sa anong klaseng mga bahay nakatira ang karamihan ng mga pamilya sa inyong pamayanan (hal, isang pamilya kada bahay, magkakasamang pamilya sa iisang bahay, mga apartment, etc.)?

Ang inyong pamayanan – matatawag ba itong probinsiya, siyudad o suburban (i.e. mga sama-samang tirahan na malapit sa siyudad)?

Saan nanggagaling ang enerhiyang ginagamit sa inyong pamayanan?

Gumagamit ba ang inyong pamayanan ng iba pang enerhiya kagaya ng natural gas? Uling? Langis?

Nagkaroon ba ng mga feature sa mga lokal na pahayagan at mga website sa loob ng isang taon tungkol sa solar energy? Kung oo, ilan? Ano ang kanilang nilalaman?

Nitong nakaraang taon, nagpalabas ba ng mga balita ang inyong mga lokal na istasyon ng tv at radyo tungkol sa solar energy? Kung oo, ilan? Ano ang sinasabi ng balita?

Sino ang mga pinunong kumakatawan sa inyong pamayanan (gobyernong lokal, pamprobinsiya, regional, pambansa)?

Mayroon ba sa mga kumakatawan sa inyong pamayanan na bahagi ng mga gumagawa ng patakaran o grupong konektado sa paggamit ng solar energy? Kung mayroon, sino? Ano ang kanilang mga tungkulin?

Tinangkilik na ba ng inyong gobyerno ang mga mungkahi o proyektong may kinalaman sa pagkuha ng solar energy?

May mga industriya ba sa inyong pamayanan na may kinalaman sa larangan ng pagkuha ng solar energy? Kung oo, ano ang mga ito? Sino ang mga pinuno ng mga industriyang ito?

## 100 People Under the Sun: Isang Global Energy Project

### Mga Dapat Sagutan

*Tungkol sa taong napili para sa nominasyon:*

Pangalan ng Nominee: \_\_\_\_\_

Trabaho/ Organisasyong Kinakasapi (kung may kinalaman): \_\_\_\_\_

Designation (title): \_\_\_\_\_ Edad: \_\_\_\_\_ Kasarian: \_\_\_\_\_

Address (barangay/ lungsod/ probinsiya/ bansa)

\_\_\_\_\_

Telepono: \_\_\_\_\_ Email: \_\_\_\_\_

Mga wikang alam gamitin: \_\_\_\_\_

*Magbigay ng maigsiing pagsasalarawan tungkol sa kontribusyon ng indibidwal sa larangan ng solar energy.*

*Anong mga technology ang ginagamit niya?*

*Sa paanong paraan napakikinabanganan ang indibidwal ng kanyang organisasyon at pamayanan?*

*Ano ang magandang naidulot ng kontribusyon ng indibidwal na napili, sa nalalapit na pahanon at sa mas malayong hinaharap?*

*Ano sa tingin ninyo ang pinakabukod tangi sa kuwentong ito?*

*Pumapayag ba ang napiling nominee na mainterbyu para sa isang video portrait ng mga pioneer sa larangan ng solar energy?*

*Kung oo, pumapayag ba ang napiling nominee para sa isang interbyu sa video?*

**100** People Foundation  
15 West 26<sup>th</sup> Street, #914  
New York, NY 10010 USA  
(212) 252-8402

## PAHINTULOT PARA SA MGA LARAWAN

Ako, na nasa hustong gulang, sa pamamagitan ng instrumentong ito ay lubusang pumapayag na gamitin nang buo o bahagya ang aking pangalan, larawan at ibang anyong nagpapahiwatig sa aking sarili, na siyang makikita sa mga litrato, videotape at/o mga anyong elektroniko (*electronic images*) at/o sa mga *audio recording* kung saan maririnig ang aking boses at mga salita, sa anuman at lahat ng *media* ng 100 People Foundation sa anumang panahon at paraan na nais nito, nang libre at walang pag-aangkin sa pag-aari ng mga ito sa bahagi ko.

IN WITNESS WHEREOF, IN THE COUNTRY OF: \_\_\_\_\_

ON THIS DAY OF \_\_\_\_\_

NAME \_\_\_\_\_ AGE \_\_\_\_\_

SIGNATURE \_\_\_\_\_

ADDRESS \_\_\_\_\_

CITY \_\_\_\_\_

STATE \_\_\_\_\_ ZIP/POSTALCODE \_\_\_\_\_

PHONE \_\_\_\_\_

EMAIL ADDRESS \_\_\_\_\_

**100** People Foundation  
15 West 26<sup>th</sup> Street, #914  
New York, NY 10010 USA  
(212) 252-8402

**IMAGE RELEASE**  
**Para sa menor de edad**

Ako, bilang Magulang/Tagapag-alaga/Katiwala ni \_\_\_\_\_, sa pamamagitan ng instrumentong ito ay lubusang pumapayag na gamitin nang buo o bahagya ang pangalan, larawan at ibang anyong nagpapahiwatig sa kanyang pagkatao, na siyang makikita sa mga litrato, videotape at/o mga anyong elektroniko (*electronic images*) at/o sa mga *audio recording* kung saan maririnig ang kanyang boses at mga salita, sa anuman at lahat ng *media* ng 100 People Foundation sa anumang oras at paraan na nais nito, nang libre at walang pag-aangkin sa pag-aari ng mga ito sa bahagi ko o ng alaga ko.

SAKSI SA NABANGGIT, SA ESTADO AT BANSANG: \_\_\_\_\_

SA ARAW NG \_\_\_\_\_ SA TAONG \_\_\_\_\_

PANGALAN NG ALAGANG MENOR DE EDAD \_\_\_\_\_ EDAD \_\_\_\_\_

PANGALAN NG MAGULANG/TAGAPAG-ALAGA/KATIWALA \_\_\_\_\_


LAGDA \_\_\_\_\_

TIRAHAN \_\_\_\_\_

LUNGSOD \_\_\_\_\_ REHIYON \_\_\_\_\_

ZIP/POSTALCODE \_\_\_\_\_ TELEPONO \_\_\_\_\_

EMAIL ADDRESS \_\_\_\_\_



The 100 People Under the Sun program was developed as a collaboration with the SunPower Foundation

